Bay Area Air District

# Pag-unawa sa mga Pinagkukunan ng Datos ng Kalidad ng Hangin

Kapag nakakaapekto ang usok ng kahoy o usok ng wildfire sa Bay Area, maaaring mag-iba-iba ang mga pagbasa ng kalidad ng hangin sa iba't ibang website o app. Iyon ay dahil ang datos ng kalidad ng hangin ay nagmumula sa iba't ibang uri ng tagasubaybay na sumusukat at nagpoproseso ng polusyon sa iba't ibang paraan.

## Mga Tagasubaybay ng Regulasyon ng Distrito ng Hangin:

*Pinakatumpak para sa mga alerto sa kalidad ng hangin*

**ANO ANG MGA ITO**

Ang mga istasyon ng pagsubaybay sa hangin ng Distrito ng Hangin ay gumagamit ng mga de-kalidad na instrumentong nakakatugon sa mahihigpit na pag-aatas ng pederal.



*MGA PANREGULATORYONG TAGASUBAYBAY NG DISTRITO NG HANGIN*

**MGA KALAKASAN NG MGA PANREGULATORYONG TAGASUBAYBAY**

- Pinapatotohanan ang datos at sinisiguro ang kalidad nito
- Maingat na inilalagay ang mga tagasubaybay gamit ang mga pamantayan sa paglalagay ng Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA)
- Ang mga sukat ay ginagamit upang matukoy kung natutugunan ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin
- Ginagamit ang datos para sa mga opisyal na hula sa kalidad ng hangin at Mga Alerto na Iligtas ang Hangin

Ang mga tagasubaybay ng Distrito ng Hangin ang pinakatumpak na pinagkukunan ng impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin ng Bay Area. Dahil ang mga tagasubaybay na ito ay nangangailangan ng espesyal na kagamitan at maingat na paglalagay, hindi maaaring ilagay sa bawat komunidad ang mga ito.

## Mga Sensor ng Hangin:

*Nakatutulong para sa mga lokal na trend, ngunit hindi gaanong tumpak*

**ANO ANG MGA ITO**

Ang mga sensor ng hangin ay mga device na pribadong pag-aari o pinapatakbo ng komunidad na nagbibigay ng mas malawak na saklaw na lugar.

**ANG MAHUSAY NA NAGAGAWA NG MGA ITO**

- Ipakita ang mga pagbabago sa kondisyon ng usok mula sa isang komunidad patungo sa isa pa
- Punan ang mga lugar na hindi nasasaklaw ng mga panregulatoryong tagasubaybay
- Magbigay ng impormasyong mas partikular sa lokalidad



*SENSOR NG HANGIN*

## Mahahalagang limitasyon

**MGA SENSOR NG HANGIN:**

- Maaaring magbigay ng labis na pagtatantya hinggil sa mga antas ng polusyon
- Gumamit ng iba't ibang paraan ng pagwawasto depende sa platform o app

Ang datos ng sensor ng hangin ay dapat palaging maingat na tingnan at kasabay ng datos ng pagsubaybay ng Distrito ng Hangin.

## Bakit Iba't Ibang Numero ang Ipinapakita ng Iba't Ibang Mapa

Ang iba't ibang website ay maaaring gumamit ng iba't ibang sensor, mag-update ayon sa iba't ibang interval, o kalkulahin ang Indeks ng Kalidad ng Hangin (Air Quality Index, AQI) sa ibang paraan. Maaari itong magdulot ng kapansin-pansing mga pagkakaiba sa pagitan ng mga mapa, lalo na kapag may usok mula sa wildfire. Ang mga sensor ng hangin ay maaaring pansamantalang magpakita ng mas matataas na pagbasa dahil mas sensitibo ang mga ito sa mga partikulo ng usok at mga kondisyon sa kapaligiran.

## Mapa ng Sunog at Usok ng EPA

Ang Mapa ng Sunog at Usok ng EPA ang pinakamahusay na paraan upang masuri ang kalidad ng hangin kapag may mga wildfire. Pinagsasama nito ang datos ng opisyal na panregulatoryong pagsubaybay at ang datos ng sensor ng hangin na isinaayos na para sa katumpakan. Nagbibigay ito ng isa sa mga pinakakumpleto at maaasahang larawan ng mga kondisyon ng $PM_{2.5}$.




*EPA FIRE & SMOKE MAP* *fire.airnow.gov*

*MAPA NG SUNOG AT USOK NG EPA*

Bay Area Air District

Matuto pa sa **baaqmd.gov**

@bayareaairdistrict

**MALINIS NA HANGIN PARA SA LAHAT**